


Rebolusyonaryong lathalaing pampanitikan ng Bikol

Taon III Blg. 2
Hul.-Dis. 1999

# purla

sumisibol sa gitna ng pakikibaka

# Panawagan

HINIHIKAYAT ang mga kadre, mandirigma at mga kasapi ng rebolusyonaryong kilusan na ipagpatuloy ang pagpapadala ng kanilang mga tula, kwento at iba pang mga pangkulturang sulatin. Kaugnay ng tula, mas mainam kung magtutugma ang bawat saknong nito para mas maging kaiga-igaya sa mga mambabasa. Mas mahusay din kung maikli ang mga tula at mga kwentong ipapadala.

Maaaring magkaroon ng kaunting pagbabago sa pagkakaayos ng mga katha upang mas maging angkop at malinaw ang pagkakalahad nito. Subalit titiyaking hindi maapektuhan ang mensaheng nais iparating ng may-akda.

Sisikapin ng ***Punla*** na mailathala ang lahat ng mga ambag sa susunod na isyu.

## Nilalaman

**Editoryal**
**1**
*Mga Tula*
**Kahapon, Ngayon at Bukas**
**4**
**Tanong**
**6**
**Nilay-nilay ng Isang Ina**
**8**
Magulang at Inang Bayan
**10**
Magsasaka
**11**
**Halika**
**12**
**Prinsipyong Bakal**
**13**
**Hudyat ng Digma**
**14**
**Kung ang Tula ay Pag-ibig**
**16**
Ang Masa
**17**
**Ang Rebolusyon ay Di Tulad Lang ng Pamamangka**
**18**
**Tamang Bayani sa Tunay na Kasaysayan**
**19**
**RP**
**20**
*Mga Liham*
**22**
*Maikling Kuwento*
**Reyd**
**24**
*Awit*
**Awit ng Rebolusyonaryo**
**29**

EDITORYAL

# Isulong ang kampanyang pangkultura batay sa kakayahan!

Sumusulong ang mga kampanyang pangkultura ng rebolusyonaryong kilusan kasabay ng papalakas na pakikidigmang gerilya rito sa Bikol.

Masiglang inilalarga sa iba't ibang larangan ang mga kampanya sa pag-aaral sa pagsusulat, pagbabasa at matematika. Gayundin ang pag-aaral sa batayang heyograpiya, batayang agham at kalusugan. Nagtatalakayan ang mga kadre, mandirigma at mga kasapi ng organisasyong masa tungkol sa mga isyu kaugnay sa isinusulong na demokratikong rebolusyong bayan. Ipinalalaganap din ang mga rebolusyonaryong awit.

Naglulunsad sila ng simpleng programa saan mang lugar na maaaring maglunsad ng pagtitipon sa tuwing ipinagdiriwang ang anibersaryo ng Partido, Hukbo, NDF o pulong parangal sa mga rebolusyonaryong martir. Gayundin sa iba pang makabuluhang mga okasyon tulad ng Araw ng mga Magsasaka, Araw ng Manggagawa, Araw ng mga Kababaihan at maging sa mga aksyong masa at rali. Ipinamamalas nila ang maalab na diwang rebolusyonaryo sa pamamagitan ng pagtatanghal ng mga dula, pagbigkas ng tula at paghahandog ng mga awit.

Pinalalaganap din ang mga rebolusyonaryong babasahin. Dito ay inilalantad nila sa larangan ng edukasyon at kulturang Pilipino ang kabulukan ng malakolonyal at malayudal na sistema, ang sistematikong panlilinlang ng reaksyunaryong gobyerno na kasalukuyang pinaghaharian ng rehimeng US-Estrada upang patuloy na pagharian ang ating bayan. Inilalarawan nila ang kaapihan at pagsasamantala ng mga naghaharing uri sa mga manggagawa, magsasaka, kababaihan at kabataan.

Dumarami rin ang ambag na mga tula, maikling kuwento, mga awit at mga sipi sa mga liham mula sa mga kadre, mandirigma at mga aktibistang masa. Ang mga ito ay pumapaksa sa armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at gawaing masa. Ang iba naman ay naglalarawan sa hirap at sakripisyo ng masang anakpawis o kaya'y nagpupugay sa mga rebolusyonaryong martir. Itinataguyod nila ang kahalagahan ng puspusang pakikibaka laban sa imperyalismong US, katutubong pyudalismo at burukrata kapitalismo para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Lahat ng ito ay patunay na yumayabong ang ating kulturang pangmasa. Ang mga ito ay nagsisiwalat kung paanong ang masa ay patuloy na lumilikha ng kasaysayan sa kabila ng pagtatangkang bulagin at linlangin sila ng pinapalaganap na mga burges at kolonyal na kaisipan ng reaksyunaryong naghahari.

Sa pagdiriwang ng ika-31 taong anibersaryo ng ating Partido, binabati natin ang lahat ng mga kasapi nito, mga kadre, mandirigma at masa sa kanilang malugod na pagtataguyod sa makauring kultura.

Inaasahan natin na lalong sisigla ang ating mga kampanyang pangkultura sa susunod na mga taon. Ang patuloy na pag-ambag natin ng mga lathalain at likhang sining at panitikan ay magsisilbing tanglaw sa pagyabong at pagpapaunlad ng kulturang tunay na makabayan, makamasa at siyentipiko.

Ipalaganap natin ito sa mas malawak na masa ng mamamayang Pilipino upang mapukaw sila at higit pang magpunyagi sa pakikibaka. Ang pagpapaunlad sa kanilang pangkulturang kamalayan ay higit na magpapalakas at magpapatatag sa kanilang determinasyon na ibagsak ang naghaharing sistema at isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon hanggang sa tagumpay.


IMPERYALISMO,
IBAGSAK

## **Kahapon, ngayon at bukas**

*Ka Arboy*


Kahapon:
bunga ng matamis at wagas na pagsinta
sumibol ka sa aking sinapupunan
siyam na buwan kitang dinala
inaruga't pinakaingatan,
kagalakan at pananabik sa mukha'y di maipinta,
halos hilahin ko ang kamay ng orasan

lagi kitang kasama,
sa mga pulong at lakaran
nakikibaka
di ka pa man isinilang

muli pinatunayan ko wagas na pagmamahal
buhay ay itinaya upang ika'y iluwal
wari'y nagkislapan bituin sa kalawakan
ng ang unang iyak mo tuluyang pumailanlang;

isang di maiguhit na tuwa't kasiyahan,
ng ang unang ngiti mo'y aking masilayan,
mula gintong batingaw ang sa wari'y nagkalimbang,
ng ang unang halakhak mo'y aking mapakinggan.

Ngayon:
hindi kita kasama,
hindi kita kayakap,
minsan ko na lang marinig
matamis mong halakhak.
"Mahal mo ba ako Inay?"
marahil nais mong itanong.
"Oo naman anak!"
mabilis kong itutugon.



Magkahiwalay man ang ating katawan,
sa puso ko at isip naroon ka't laman;

Ang pagpapalaya'y dakilang mithiin,
Sa pakikibaka, tanikala'y lalagutin,
Ang pag-iwan ko sayo'y isang pagpapakasakit,
Tanging paraan upang laya'y makamit.

Bukas:

magkakasama rin tayo
sa pakikibaka, halina't humayo
salungain natin ang unos ng digma,
magkasama nating salubungin ang araw ng paglaya.



## Tanong

*Maureen Red*
*23 Hunyo 1999*

May mga tanong na malalim ang punto
Puntong tumutukoy sa kalagayan ng tao
Karanasan, kasaysayan o kalagayan ng mundo
Bakit ganito, napakagulo at nakakalito?

Mga magsasaka, sariling lupa'y humihiling
Mga kabataan, magandang kinabukasa'y nais marating
Mamamayan at bayan kalayaan kaylan ba makakapiling
Bakit ba ganito, gobyerno'y walang pakialam sa atin?

Batang paslit sa kanyang ina ay nagtanong
"Inay, bakit po ba naghihirap at tayo'y nagugutom?
Wala man lang damit, at walang masisilungang bubong?
Bakit ba tayo'y naaapi, ito'y kagustuhan ba ng poon?"

"Anak pahiran na ang iyong luha at ang sasabihin ko'y unawain
Ang mga nakikita't nararamdaman mo'y katulad sa iba rin
Pang-aapi't paghihirap na ating pasanin
Ito'y likha ng mga naghaharing uri sa lipunan natin."

Ang batang umiiyak ngayo'y tumahan na
Inang tumatangis nakayakap sa anak niya
Anong maaaring gawing solusyon sa problema?
Hindi pa ba susupilin ang mga mapagsamantala?

Hindi lang sila ang siyang nakakakita
Nang pagsasamantalang nagaganap dito sa ating bansa
Kundi lahat ng sambayanang sa kahirapa'y sagana
Kailangang magkaisa, magtulungan at makibaka

Maunlad na isinusulong ang Demokratikong Rebolusyon ng Bayan
Aping mamamayan'y magkaisa, sumapi sa Bagong Hukbong Bayan
Ipinagtatanggol ang nakagapos na inang bayan
Dudurugin ang bulok na sistema ng lipunan.




# Nilay-nilay ng isang ina

*M.L.*
*1997*



Noon-
Naaalala ko ang sikip ng dibdib
Sa mga pagkikitang puno ng paalam
At mga impit na hikbi
Sa tuwina, naaalala ko kayo
Nilalakbay ng diwa
Masukal na kagubatan
Nangungulila, nagtatanong
May init na dala ba
ang mga gunita
pantawid sa mahabang gabi
upang salubungin ng ngiti
ang umaga?



Kalaunan-
Nakita ko ang inyong pagsibol
Sa maaliwalas na mukha
ng mga pulang mandirigma
umaagos ang kasiglahan
bumubulwak na intensidad
naggugumiit ng identidad
buo ang loob, mapangahas
Sa pagtuklas, paglikha
ng bago
at pagguhit sa kwaderno
ng kasaysayan
ni Juan.

Tulad ninyo
Sila rin ay naghahagilap
ng matatag na kapit
Sa sikip at gipit na mundo
Ng di mawaring mga emosyon
Humihiyaw
Ng paglaya at paglingap
Sa paghanap ng maturidad
Sa ganap na paghihinog
Nag-aabot-kamay...
Na masabayan, magabayan
Sa paglilinang ng talino't kakayahan
At magkapuwang
Sa puso ng pakikibaka.



Sa pagninilay—
Malayo man sainyo
pagiging magulang
Lagi nang may puwang
Sa maraming kabataang
Iniluwal ng sigwa
Mga supling na ipinaghele
Ng putok ng armalayt
Sa kanila at maraming iba pa
Ibubuhos bukal na pagmamahal
Upang mahulma
Magigiting na salinlahi
Ng uri.

## Magulang at inang bayan

*Armando*
*10 Agosto 1996*

Sa gitna ng mga krisis at pighati
Ay pagkalingang lipos ng pagmamahal
Ang nadama ng musmos kong kamalayan
Hanggang sa pagyabong at paglaki
Patuloy ang inyong pagpupunyagi at pagsisikap
At tanging hangad ay aming kabutihan
Dumating ang sandali na ako'y pinukaw
At kailangan kong lumayo upang kayo'y paglingkuran
Mahirap ngunit kinakailangan

Nakita kong dugo ang iniluluha ng aking Ina
Gapos ang kamay ng tanikalang bakal
Nakalugmok ang aking mga kapatid
Sa putik ng karukhaan
At banaag kay Bunso ang sakit at gutom
Habang ang iilan ay nagpapasasa sa kapangyarihan
Mga buwitreng walang kabusugan
Malupit ang itinatadhana nilang kapalaran!

Naghihimagsik ang aking kamalayan
Kailangan kong bumangon sa pagkakaalipin
At pahirin ang luha ni Ina at kalagin
ang gapos ng kanyang tanikala
Akayin ang aking mga kapatid sa landas ng paglaban
at pakikibaka
At ang aking paglaya ay paglaya rin
Ng aking mga magulang at ng aking Ina
Na mag-aaruga sa akin habambuhay —
Ang Inang Bayan.

## Magsasaka


*Briones Argel*
*6 Enero 1998*

Isinilang ka sa gitna ng kahirapan
Mula nang magkaisip, pagtatanim ang namulatan
Daan taon mong naranasan ang kaapihan
ng mga asendero't gahaman sa lumang lipunan.

Kapag malakas ang pagkakaisa
Gagamitan tayo ng armadong pwersa
Magsasaka'y susupilin, itataboy, wawasakin
Muling bubuuin upang pakilusin.

Armadong rebolusyon ang tanging solusyon!
Rebolusyong agraryo, pangunahing tutugon
Hindi matatawaran ang iyong partisipasyon
Dakila ka sa tagumpay ng rebolusyon.





## Halika

*Kala*

Halika,
Damhin mo ang mga buhay na binuhol ng panahon,
Isang lubid ng pagkabuhay
Isang nilalang na babae
Ilang daang taong kasaysayan ng hinabing pawis at dugo
na nakapulupot sa mga ugat

Halika,
Masdan mo ang mga mukhang
kinuyom ng pagkabigo
Sundan at namnamin ang mga mapapait na alaala
na iniwan ng ilang nagdaang araw at gabi

Halika,
Haplusin mo ang buhok
na nalanta na sa kahihintay
Sa bagong umagang puno ng pag-asa't paglingap

...Kasabay ng paghawak at matutong gumamit ng armas
Na siyang magwawakas sa tanikalang piitan
ng katauhan...
...Buo na ang pananalig --
Isip, puso, at katawan
Upang ibigwas ang sariling armas
Para sa malawak na masang anakpawis...

## Prinsipyong bakal


*Ka Arnulfo*

Prinsipyo ng Partido at hukbong bayan
Dapat ipasapol sa aping mamamayan
Tungkulin ng Bagong Hukbong Bayan
ang organisahin at pakilusin ang mamamayan
Kapag sila ay nalinawan, tiyak sila rin ay lalaban

Prinsipyong bakal ang ating patnubay
Dito'y may Partido na sa ati'y gumagabay
Sa hirap, sakit, pagod, sakripisyo nakasalalay
upang rebolusyo'y maipagtagumpay

Hirap at kamatayan, sinusuong ng Bagong Hukbong Bayan
At ito ang daan upang kaaway ay wakasan
Paglaban ng mamamayan sa kanayunan at kalunsuran
Sa puso at isipan sila'y mahigpit na nakikipaglaban

Dahil sila'y namulat sa katotohanan
na sila'y inaapi ng malalaking dayuhang gahaman
Tayo na, mga kaibigan sa rebolusyon
Mamamayang naghihikahos at tali sa kahirapan
dahil pinagpagura'y kinamkam ng malalaking
kapitalistang dayuhan



## Hudyat ng digma


*Ka Jasper*


Masa'y nagluluksa
inang baya'y lumuluha

Hanggang ngayo'y
nagdarahop
Hanggang ngayo'y
naghihikahos
Hinaing ng masa'y di
naririnig
ng bulok na estadong
mapaniig
Ang tumututol ay
pinipiit
Ang lumalaban ay
pinapaslang
Sa lipunang hawak ng
iilan
puno ng panlilinlang at
karahasan, kaya...

Halina, mga kasama
Dinggin, hinaing ng masa
Bagtasin ang kanayunan
Isulong ang digmang bayan!

Pang-aapi'y wakasan ng
naghaharing uri sa lipunan
Rebolusyong agraryo't
pambansang industriyalisasyon
Ang solusyon, ang tutugon!





Masa'y nangangalit
inang baya'y nakapiit

Hanggang ngayo'y
nakahandusay
Hanggang ngayo'y
nakapinid
Bilanggo sa lupang
kinagisnan
Alipin sa bayang
tinubuan
Karapatan at kalayaa'y
ipinagkakait
Sinisiil at nilulupig
Naghihimagsik ang kalooban
Rebolusyonaryong panawagan
Sigaw ay digmaan, kaya...

Sulong, mga kasama
Magpunyagi sa pakikibaka
Higpitan ang hawak ng sandata
Gapiin ang mapagsamantala!

Anak ng bayang dinusta
mga pulang mandirigma
Alab sa puso'y sisigwa
Putok ng baril...hudyat ng digma!

## **Kung ang tula ay pag-ibig**

*Zaldy*
*(6 May 1996)*

Dapat ito ay tungkol sa mga magsasaka
na alipin ng kawalan,
na binaril sa pilapil.

Kung ang tula ng pag-ibig,
Dapat ito ay tungkol sa mga manggagawa
na alipin ng orasan,
na basag ang buto sa piketlayn.

Kung ang tula ay pag-ibig,
Dapat ito ay tungkol sa mamamayan
na alipin ng marahas na dominasyon
ng haring nakaupo sa trono ng agila
na nagkandili sa kanila
sa miserableng litanya
at karimarimarim na kalagayan
ng mapanglaw na pangitain.

Kung ang tula ay pag-ibig,
Dapat ito ay tungkol sa pakikibaka
ng api na bumalikwas mula sa pagkakahandusay
na naglambitin ng plakard
sa pader ng protesta,
at nagburda ng digmaan
sa mga teatro ng kanayunan
na prinsipal na larangan
ng mapagpasyang rebolusyon.

Kaya mga intelektwal na makata
ng madilim na panahon,
kung ang tula ay pag-ibig,
Tayo na sa batayang masa
at pagyamanin ang tula ng pag-ibig.

## Ang masa

*Dulce de Leon*

Sila'y init sa panahon ng bagyo
Malamig na tubig kung tagtuyo
Salat ma'y wagas ang pagsuyo
Kaakibat at kakampi sa'yong prinsipyo

Sa malong mong punit at manipis nang damit
Di hamak na tagos ang lamig at init
Walang pangamba sa hirap at sakit
Pagkat sa kanilang kalinga'y wala nang hihigit

Sila ang awit sa nadamang lungkot
Nagpapatibay at nagpapalakas ng loob
Sa munting dampa sila ang kasukob
Kasalo sa pagkain, katabi sa pagtulog

Subalit madalas ang kanilang pagtangis
Taglay na buhay ay puno ng hapis
Nilikha ng mga nagmamalinis
Na sa katotohann ay puno ng bangis

Sila ay damayan pagkat sila ang bayan
Ang mayorya at tunay na pinagsasamantalahan
Sa gapos ng kadena, sila'y pakawalan
Itindig at ibangon sa aping kalagayan!



## Ang rebolusyon ay di tulad lang ng pamamangka

*Aldus Pulang-diwa*
*June 1999*

Ang rebolusyon ay di tulad lang ng pamamangka
na para sa aliw, pamamasyal, at tuwa;
Ito ay pag-aaral at puspusang paghahanda
sa paglaban sa pambubusabos sa mga dukha;

Ang rebolusyon ay di tulad lang ng pamamangka
na umiiwas kung ang panahon ay masama;
Matatag itong sumasalubong sa marahas man na alon o sigwa
upang marating ang dagat na payapa, maunlad at malaya;

Ang rebolusyon ay di tulad lang ng pamamangka
kahit walang tiyak na direksyon at layon;
Mabilis itong sumusulong, dahil sa pagtimon
tanging mga dukha ang nagtutulung-tulong;

Ang rebolusyon ay di tulad lang ng pamamangka
na kayang gawin kahit nag-iisa;
Kailangang magkapit-bisig, at kahinaan at kamalian ay mapuna
upang mabigyang lakas ang kasamang nanghihina;

Ang rebolusyon ay sadyang di tulad ng pamamangka
na maaaring tumigil at umayaw kapag nagsawa;
Kahit may sakripisyo, panganib at hirap, walang pangamba
dahil bawat haplit ng sagwan ay para sa paglaya!



## Tamang Bayani sa Tunay na Kasaysayan

*Edwin Suminag*

Tahakin ang wastong daan, kasama't kaibigan
H'wag tayong palilinlang sa samu't-saring kaisipan
Upang di maligaw sa tamang parororonan
H'wag nating kalilimutan, Partido ang ating gabay

Ang landas na tama ay laging tatandaan
Sa isip at diwa ng mga inapi't dinusta
Darating ang araw mapagsamantala'y magigitla
Sa pagkakaisa at lakas ng kanilang kinawawa

Bayani ang sambayanan at di matatawaran
Ang kanilang iginuhit sa tunay na kasaysayan
Kaya't inspirasyon ng proletaryado ang kanilang nasimulan
Kaya't h'wag manlulumo sa hirap ng matagalang digmang bayan


Laging iisipin at h'wag kalilimutan
Mga nasimulan at hanggang sa kasalukuyan
Mga martir na tumahak sa liku-likong daan
Tayong mga buhay dapat h'wag panghinaan

Oo nga't masalimuot ang ating dinaraanan
Sa unti-unti ay may ningning na sisilay
Tulad ng araw sa gawing silangan
Ay sisikat ang maaliwalas na tagumpay.



# R P

*Ka Ophelia*
*31 Hulyo 1998*



Sa muling pagtitipon
muli nating sasariwain
ang mga bakas na nalikha
sa ating pagtahak sa landas
ng makauring paglaban
kasabay
ng pagsibol at pagsulong
ng proletaryong
kamulatan


Sa muling pagtitipon
muli nating matatanaw
ang mga dampa at koprasan
na nagbukas at nagkanlong
ng ating pagal na katawan
sa maghapong lakaran
kasabay
ng masiglang palitan
ng luma at bagong
karanasan.

Sa muling pagtitipon
muli nating maririnig
ang masasayang awitan
at makukulit na biruan
habang inaarok
ang lalim at lawak
ng balon at kaparangan
ng karunungan at
katotohanan.

Sa muling pagtitipon
muli nating susuungin
ang yungib ng karanasan
at ang daluyong
ng pagpupumiglas
ng masang malaon
nang lugmok
sa kahirapan at
pagsasamantala.

Sa muling pagtitipon
muli nating susungkitin
ang mga dahon at alitaptap
na nangusap ng tagumpay
sa ating magdamag
na pagtataliba
at paghahanda
sa marahas na
tunggalian

upang
sa muling pagtitipon
atin na
ang tanglaw
ng katarungan at
kasaganaan.



*[*]ang RP o rallying point ay isang lugar na itinakdang pagtitipunan o pagkokonsentrahan ng mga kasama lalo na kapag may naganap na labanan*

## MGA LIHAM

**5 Mayo 1999**

Ang mga panimulang tagumpay na ating nakamit ay bunga ng di matawarang pagsisikap ng mga kasama na gumampan ng ating mga rebolusyonaryong tungkulin at pananagutan.

Sa kabuuan, ito'y bunga ng ating mga pagpupunyagi na puspusang isulong ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Sa partikular, ang tagumpay naman ng indibidwal ay pangunahing nakabatay sa isang wastong direksyon ng pakikitunggali. Hanggang sa katapusan, determinado tayong magpuna, magwasto at sumulong. —Sa pagwawasto, Ka Jun

*( Sulat ni Ka Jun sa isang kasama na matagal niyang nakasama sa gawain. Siya ay pinaslang ng kaaway noong Nobyembre 10, 1999.)*

**28 Agosto 1999**

Ang dating mga kakolektibo mo rito ay nananatiling matatag at walang pagod sa pagsusulong ng mga gawain, laluna sa gawaing masa. Ang iba ay nailipat na rin sa ibang yunit at mayroon ding naipadala sa ibang probinsya. Sila ay katulad mo rin na bukal sa loob ang mailipat sa malayong destino.

Marami-rami na rin ang nag-*fulltime* sa inalisan mong erya at patuloy ang pagdami ng mga naoorganisang masa. —Ka Norlie

**14 Setyembre 1999**

Sa lugar na kinalalagyan namin, ayon sa kasama ay patuloy na lumalaki ang kanilang bilang. Patuloy na lumalaki ang organisasyong masa (OM), nagkaroon ng dagdag na naitayong KP at SPL at ang lugar na nakikilusan. Sa FT naman, sa sona ay dumagdag sila dahil nakapagpa-FT mula sa erya at mula sa urban. At dahil sa paglawak ng OM, may katiyakan na sa mga susunod ay lalaki ang bilang ng mga mag-i-FT.

Sa ilang masang nakausap namin, kontra sila sa panukalang 100% mag-ari ng lupa ang mga malalaking dayuhang negosyante sa Pilipinas, isa kaya baga ito sa panukala ng rehimen. Pinagkakaitan, ayon sa masa, ang magsasaka ng lupa pero ang mga malalaking dayuhang mangangalakal, pinapaburan. Nailinaw naman natin na hindi ang batas at programa ng reaksyunaryo ang magpapalaya sa mamamayan kundi ang DRB.—Ka Tureng

**23 Setyembre 1999**

...grabe talaga ang *terrain* dito. Andaming ahunin. Totoo ring halos laging basa ang paa mo dahil andaming tubig na sinusugsog. Hindi talaga pupwede ang sapatos. Basta, saludo talaga ako sa sakripisyo rito ng mga kasama.

Sa ngayon ay medyo makilos dito ang kaaway. Pero syempre, kayang-kaya. Ngayon pa na nakapagpundar na tayo ng baseng masa. Bukod pa, napakalawak talaga ng maniobrahan. Kaya tingin ko, ilang taon pa, makikita na ang mabilis na pagsulong ng rebolusyonaryong gawain natin dito. —Ka Ching



## Reyd

*Maikling kwento*
*ni Criselda Magbanua*
*Marso 1998*

ABUT-ABOT ang kaba sa aking dibdib ng mga oras na iyon. Malapit nang magtanghali kung kailan nakatakda ang gagawin naming isang sorpresang atake. Reyd sa maikling sabi. Isang maliit na detatsment ang target. Ikinukubli ng reaksyunaryong gubyerno na para raw sa pagpapanatili ng katahimikan sa lugar pero ang totoo'y ginagamit ito para sa pagmamanman sa mga aktibidad ng rebolusyonaryong pwersa sa mga malalayong barangay. Karamiha'y tamad na CAFGU, utusang tanod at ilang pulis na malalaki ang tiyan ang naroon. Sama-sama sila sa tabing ng mapanlinlang na "KASUROG COPS."

Nakakaramdam ako ng pananabik na may kaakibat na pangamba. Pananabik dahil sabi ko sa pelikula ko lang ito napapanood. Ngunit ngayon, heto ako, kasama ng mga Pulang mandirigma at maglulunsad ng isang taktikal na opensiba. Noon, malayong-malayo sa isip ko na mararanasan ko ito. Takot. Pangamba. Dahil kahit sinasabing ang rebolusyon ay isang marahas na pag-aalsa na pilit kong inuulit-ulit sa isip ko, may kaba pa ring bumubundol sa dibdib ko. Paano kung magkaputukan na, makakuha kaya agad ako ng kober?

"May *defense plan* naman saka may sapat na paghahanda at nasa amin ang inisyatiba, kumbaga kami ang nasa opensiba ," bulong ko sa aking sarili. Pilit kong itinatago ang mga naglalaro sa aking isip sa pangiti-ngiti sa mga kasamahan ko na noon ay iniisip kong iyon din o kung hindi naman kahit bahagya ay may ganoon ding nararamdaman. Sa tingin ko dinaraan din lang sa biruan at tawanan. Kahapon nga nang ipamigay ko ang mga pambenda'y ayaw kunin ng mga

kasama, pangit daw ang ganoon. Sa loob-loob ko siguro ninenerbyos din ang mga ito.

"Humanda na ang lahat," ang pabulong na pasa-pasang mando.

"Aabante na tayo," dagdag pa. Simple at organisado ang kilos ng mga kasama na pumunta sa kani-kanilang pormasyon. Ingat na ingat na di malantad ang plano sa masa na binabasehan. Dali-dali rin akong pumunta sa pormasyon na kinabibilangan ko. Sabay nito, nakita kong maayos nang nakahanay ang mga kasama. Nahantad sa akin ang mga pwersa. Bakas na bakas sa mukha ng napakababata pang mga mandirigma ang tapang at kapasyahan sa gagawin habang mahigpit na tangan-tangan ang kani-kanilang mga sandata.

"Marami pala kami," sabi ko sa sarili ko. Naibsan ang pangamba na bumabalot sa akin simula pa kangina.

Paakyat na kami sa burol. Malapit sa may kalsada. Walang kamalay-malay na naghihintay ang dalawang pampasaherong dyipni na maghahatid sa amin sa target. Bumilis uli ang kaba sa aking dibdib habang natatanaw ko ang mga iyon.

"Bilis, sakay na lahat," mando ng pangkalahatang CO, habang ang mga drayber ay may di maitagong pagkabigla sa nakikita nila. Kanina lamang ang kanilang buong akala ay ihahatid nila ang grupo ng mga dadalo sa isang kasalan sabay makatitikim din sila ng masarap na morkon. Ngunit heto, humigit-kumulang tatlumpong kataong armado ang isasakay nila. Di pa rin kami mapagsino.Pagdaka'y binigyan ng instruksyon ang mga drayber sa direksyon ng pupuntahan. Mga kasamang marunong magmaneho ang tumabi sa mga drayber para kung sakaling magkaroon ng problema ay may sasalo.

**Bakas na bakas sa mukha ng napakababata pang mga mandirigma ang tapang at kapasyahan sa gagawin habang mahigpit na tangan-tangan ang kani-kanilang mga sandata.**

Nakangiti lang ang mga drayber pero halatang kabado.

Humarurot ang dyip na aming sinasakyan. Walang kamalay-malay ang mga dinadaanan namin. Iba't-iba ang ekspresyon na nakikita ko sa mukha ng mga kaharap ko. Kung anu-ano man iyon, hindi ko matiyak. Ang alam ko lang ang nararamdaman ko. Muli, pangamba. Nagsimulang magkantahan ang mga kasama. Nakikipagkumpetensya sa malakas na tunog ng makina at hagibis ng sasakyan.

*"Ating pasiglahin ang taktikal na opensiba*
*sa nahihiwalay mahihinang kaaway*
*kahit sa ilog man atin silang tatambangan*
*maliit na detatsment atin din babanatan..."*

Dinadala ng hangin palayo ang kanilang kumakawalang mga tinig. Ilang saglit pa'y namalayan ko na lang, sumasabay na rin ako.

Biglang tumahimik ang mga kasamang nasa unahan.

"Malapit na tayo!" sabi ng isa.

"Humanda na ang lahat!." Maya-maya'y,

"Hinto!, baba na!, bilisan ninyo!" ang sunud-sunod na mando ng CO. Namalikmata ako, parang sinumpit sa bilis paungos sa target ang mga kasamang nasa tim ng *assault* sa unahang dyip. Naagaw nila ang atensyon ko. Ilang saglit lang, napalayo ako ng kaunti sa sinusundan ko. Humabol ako, sabay hanap ng kober. Ilang dipa lang ang layo namin sa kinaroroonan ng dalawang iskalong gusali. Di gaanong malaki. Sa tingin ko tigdadalawang kwarto lang sa ibaba at sa itaas. Sementado at may bintanang bubog. Mukhang bago pa lamang itayo.

**Kailangang palaging isipin ang tagumpay, higit pa sa pulitika, sa mga katulad nitong opensiba.**

Pagkumpiska lang ng armas ang aming pakay. Hindi dapat sasaktan ang mga pulis o kung sinumang narororon kung hindi naman lalaban.

Kailangang palaging isipin ang tagumpay, higit pa sa pulitika, sa mga katulad nitong opensiba. Ito ang nagbibigay ng malaking kaibhan natin sa reaksyunaryong hukbo. Ito ang malinaw na oryentasyon na idiniin kahapon sa ginawa naming *dry-run*. Ilang saglit lang, naririnig ko na ang sigawan. Kalabugan. Blag!, blag!, bug..! Dapa! Walang kikilos! Kasunod ang malakas na, tug!,tug, blag!... Parang may pintong pilit na binubuksan ang mga kasama,




"Siguro iyon na ang *armory,*" usal ko sa sarili . Hinihintay ko rin ang posibleng pagputok ng baril, subalit wala. Marahil nakontrol agad ang mga pulis, kaya hindi na nakaporma.

Pagkalipas ng ilang saglit ay, bang! bang! bang!, ang pumailanlang na putok sa may kalsada. Natanaw ko ang isang motorsiklo na ayaw huminto. Napilitang bigyan ng *warning shot* ng mga kasamang nasa harang. Iyon lang at wala nang sumunod.

Mula sa kinalalagyan ko, nakita ko ang mga taong nakasaksi sa mga pangyayari. Tulalang nanonood . 'Yong ale sa may tindahan ubos na yata ang isang pitsel na tubig, habang 'yong isang matandang lalaki nakahalukipkip ang mga braso na parang nanonood ng sine o larong basketbol. Karamihan ay di pa rin mapagtanto ang mga nagaganap. Tulad noong pinadadapa naming mag-ina. Sa halip na sumunod ay nakangiti lang sa amin. Akala siguro nag-eensayo lang ang mga pulis.

"Tapos na!, Tagumpay tayo!", sigaw ng isa pang CO, habang bitbit ang isang *ammopouch* na puno ng bala at isang pares na

*combat shoes*. Mabilis ang lahat ng pangyayari. Hindi umabot sa limang minuto ay sakay na uli kami ng dyip. Mas mabilis kaysa kanina ang pagtakbo ng sasakyan sa aming ginagawang pag-atras. Na-*cleaning* daw lahat ang mga naroong baril, hindi lang matiyak kung ilan, ayon sa inisyal na ulat ng isang kasama. Hindi magkamayaw ang lahat. May sumisigaw ng "Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan!" at sinasagot naman ito ng umuugong na kantahan. Salit-salit ang awitan, tawanan, at nakakatawang rekoleksyon sa mga nangyari.

Sa kinauupuan ko, wala na ang takot. Ang nadarama ko ay di mawaring kasiyahan. Tagumpay ang aming taktikal na opensiba. Higit pa roo'y dama ko rin ang ibayong tagumpay sa aking sarili. Tagumpay laban sa mga agam-agam at takot na bumalot sa akin kanina, noong isang araw, at mula pa nang sabihin sa akin na kasabay ako sa reyd na ito. Mga ilang oras pa ay naroroon na kami sa aming pansamantalang aatrasan.

Saglit na naputol ng aking pagdidili-dili. "Narito na tayo! Kailangang mabilis ang gagawin nating pag-atras! Baka abutin tayo ng *reinforcement* ng kaaway!"

Pagdating namin sa istableng base tatasahin namin ang naging karanasan. Susuriin ang kalakasan at kahinaan. Pagkatapos ay babalik sa kanya-kanyang erya para muling gumampan sa gawaing masa. At muling magtitipon para magsagawa ng kayang ipagtagumpay na opensiba laban sa kaaway habang nagpapalalawak at nagpapalalim sa baseng masa — tuluy-tuloy na pagpapaigting ng pakikidig-mang gerilya batay sa sariling lakas.

Nakahanay muli ang mga kasama. Ibayong tatag , tapang at kapasyahan ang masisilayan sa maaliwalas naming mga mukha. Masigla ang lahat at di iniinda ang pagod simula pa kangina . Malayo pa ang aming lalakarin. Katulad ko, ihahandang muli ng mga kasama ang kani-kanilang sarili para sa mga susunod pang ganitong mga aktibidad at iba pang tipo ng gawain na magpapahina at magdudurog sa kaaway. Sa susunod, sana kasabay akong muli. ❑



## Awit ng rebolusyonaryo

**Intro:** *Am - E - Am - G - C - E7*

            Am            E           Am  G
Bukid, bundok, pagawaan at parang
        C   G             C
Batis ng ating kabuhayan
     Dm
Hahayaan bang makamkam
          E       Am   E7
Laya't kasaganaan.

        Am         E          Am   G
Ang dangal ng bayang Pilipinas
        C      G          C
Na pilit iginupo ng dahas
         Dm
Manggagawa ay magbalikwas
          E                Am   E7
Tutulan mo ang paghamak.

        Am           E           Am  G
Tayong api ay magkaisang hanay
        C      G            C
Isa ma'y walang hihiwalay
       Dm
Hadlangan ang mga gahaman
        E            Am  E7
Mapaniil na dayuhan.

*Am E Am G*
Ang damdamin nating nagliliyab
*C G C*
Buklurin sa iisang hangad
*Dm*
Umalpas na ng buong dahas
*E Am E7*
Sukdang dugo ay dumanak.

AD LIB: *Am - E - Am - G*
*C - G - C*
*Dm -*
*E - Am - E7*

*Am E Am G*
Sa gabay ng Partido Komunista
*C G C*
At bisig ng Bagong Hukbong Bayan
*Dm*
Itaas ang bandilang pula
*E Am E7*
Nang mapalaya ang bayan.

